## At-Home Reading Program

Children need plenty of opportunities to read and be exposed to books in both English and your home language. Spending time reading with your child, both you reading to your child or your child reading to you, is important to your child's reading progress. This Take Home Reading Program will help you provide those opportunities for your child and help them grow as a reader.

Throughout the week, your child will bring home a book(s) to read. It should not take too long for your child to read the book to you, and they could even read it multiple times. They will gain confidence each time they read their book(s). Talk to your child about the book in your home language.

There may be a reading journal that your child brings home with their book(s). The reading journal provides space for you to write the date, title of the book, and comments. You can comment on if the book is too easy or too difficult or if your child enjoyed the book. This information you share in the comment section is very valuable. At the end of the week, the book(s) and journal will be collected and the teacher will read through your comments. These comments will help determine the book(s) for the upcoming week. You know your child best, so your insight is very important to the teacher.

Please know that the most important outcome of this Take Home Reading Program is for your child to love reading. If your child is struggling, frustrated, or even just too tired to read the book one night, it is okay to take a night off. Instead, you could read the book to your child or choose a different book to read to them. Reading to your child is just as important as them reading to you. There is nothing better than enjoying a story together, especially in your home language!

## Programa ng Pagbabasa sa Tahanan

Kailangan ng mga bata ang maraming pagkakataon na magbasa ng mga aklat sa Ingles at sa inyong sariling wika. Ang pagbabasa kasama ng inyong anak, kapuwa ang pagbabasa ninyo sa kanila o ang pagbabasa nila sa inyo, ay mahalaga para sa pagsulong ng pagbabasa ng inyong anak. Ang *Take Home Reading Program* ay tutulong sa inyo na magkaroon ng ganitong mga pagkakataon at tulungang sumulong sa pagbabasa ang inyong anak.

Sa buong sanlinggo, ang inyong anak ay mag-uuwi ng (mga) aklat para basahin. Madaling mababasa ng inyong anak ang aklat sa inyo, at maari nila itong basahin ng paulit-ulit. Lalakas ang loob nila sa bawat pagkakataong nagbabasa sila ng kanilang (mga) aklat. Kausapin ang inyong anak tungkol sa mga nabasa nila gamit ang sarili ninyong wika.

Malamang na may talaan rin na ipapauwi sa inyong anak kasama ng (mga) aklat. Maaari ninyong isulat sa talaan ang petsa, titulo ng aklat, at mga komento. Maaari kayong magkomento kung ang aklat ba ay masyadong madali o masyadong mahirap o kung nagustuhan ng inyong anak ang aklat. Mahalaga ang impormasyong isusulat ninyo dito. Pagkatapos ng sanlinggo, ang (mga) aklat at talaan ay kukunin ng guro at babasahin niya ang inyong mga komento. Ang mga komentong ito ay tutulong kung anong (mga) aklat ang maaaring ipapauwi sa susunod na sanlinggo. Mas kilala ninyo ang inyong anak, kaya ang mga komento ninyo ay napakahalaga sa guro.

Pakisuyong tandaan na ang pinakamahalagang kalalabasan ng *Take Home Reading Program* ay na magustuhan ng inyong anak ang pagbabasa. Kung ang inyong anak ay nahihirapan, nayayamot, o sobrang pagod para magbasa, maaaring ipagpaliban muna ito. Okay lang na huwag munang magbasa sa gabing iyon. Sa halip, maaaring kayo muna ang magbasa sa inyong anak o pumili ng ibang aklat na babasahin sa kaniya. Ang pagbabasa ninyo sa inyong anak ay kasinghalaga ng pagbabasa nila sa inyo. Napakasayang pag-usapan ang isang kuwento, lalo na sa inyong sariling wika!

Sample School Logo

English &<target Language>, Date